

Ang Gabay-listahan sa Pagwawakas ng Paniniil

The Checklist for Ending Tyranny

Peter Ackerman and Hardy Merriman

From the book: 'Is Authoritarianism Staging a Comeback?'

Editors: Mathew Burrows and Maria J. Stephan

The Atlantic Council, Washington, D.C. - 2015

Translation: Xavier Roel Alvara, July 2020

(Edited by Xavier Alpasa)

The Checklist for Ending Tyranny

Ang Gabay-listahan sa Pagwawakas ng Paniniil

Peter Ackerman at Hardy Merriman

Sa panahong ito, ang pinakamapanganib na labanan sa mundo ay hindi labanan sa pagitan ng mga estado kundi ang labanan sa loob mismo ng estado, sa pagitan ng mga maniniil at ng mga taong kanilang inaapi. Malawak ang paniniwala na ang mga inaaping mamamayan ay mayroon lamang dalawang pagpipilian: ang hayaan ang paniniil at umasang ito ay mababawasan, o ang maglunsad ng marahas na insureksiyon upang makamit ang kalayaan. Ang limitadong pananaw na ito ay sinasalungat ng katotohanan na ang mga kampanya ng panlipunang pagtutol (na tinatawag rin minsan na kilusang “people power” o di-marahas na salungatan) ay madalas nang nangyari kaysa nabatid. Simula noong 1900, nagkaroon na ng humigit-kumulang isang malaking kampanya kada taon ng panlipunang pagtutol laban sa nakaupong diktador.¹ Ang mga kilusang ito na pinangungunahan ng mga mamamayan ay patuloy na nakapagtakda ng mga resulta ng mga mahalagang geopolitikal na tunggalian at demokratikong pagbabagong-kalagayan simula 1972.² Sa kabila nito, ang mga taga-gawa ng mga polisiya, mga iskolar, mga mamamahayag, at iba pang mga interesadong tagamasid ay patuloy na minamaliit ang kakayanang ito ng mga karaniwang mamamayan na paguhuin ang paniniil at makamit ang kanilang mga karapatan nang walang karahasan.

Isang Blind Spot sa Pagsusuri

Ang mga pag-aalsa sa Tunisyia at Ehipto noong 2011, at ng mas kamakailan sa Ukraine noong 2014, ay mga halimbawa ng kung papaanong ang panlipunang pagtutol ng masa ay kayang gulatin ang mamamayan sa taglay nitong kapangyarihan at kakayanang lumikha ng pagbabago. Walang nakakita ng pagdating ng mga pag-aalsang ito, subalit ang mga ito ay hindi na kakaiba. Kakaunti kung mayroon man ang nakakita ng pagdating ng “color revolutions” sa Serbia (2000), Georgia (2003), at Ukraine (2004). Sa mga naunang dekada, walang nakapagsabi na ang di-marahas na organisadong pagtutol ay siyang magkakaroon ng mahalagang papel sa pagpapabagsak ng Pilipinong diktador na si Ferdinand Marcos (1986), ang diktador ng Chile na si Augusto Pinochet (1988), ang rehimeng sobyet sa Poland noong 1989, o ang gobyernong apartheid sa South Africa noong 1992).

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

Habang nagsisikap ang mga internasyonal at rehiyonal na mga eksperto na maipaliwanag ang mga kaganapang ito at ang iba pang mga di-marahas na tunggalian, madalas nilang ipalagay na ang mga matagumpay na kaso ng panlipunang pagtutol ay mga pambihirang pangyayari sa kasaysayan na batay sa di-karaniwang kalagayan ng isang bansa sa isang tanging panahon. Sapagkat ang kanilang pangyayari ay nakikita bilang natatanging kaso, hindi sila itinuturing na patunay ng isang pangkalahatang stratehiya na maaring magamit ng mga naapi laban sa malawak na dami ng mga nag-aapi. Gayunpaman, ang mga diktador at mapang-api sa iba't-ibang bahagi ng mundo ay hindi apektado ng “blind spot” na ito. Nauunawaan na nila na ang mga kilusang “people power” ang pinaka-matinding banta sa kanilang paghahari.

Dahil sa madalas na pagkakaroon ng di-marahas na pakikipagtunggali sa loob ng nakaraang dekada, mahalaga para sa mga sumusuporta sa demokratikong pagbabago na i-update ang kanilang pang-unawa kung bakit nagtatagumpay ang mga kilusang people power. Ang mga di-marahas na pakikipagtunggali ay gumagana sa maraming iba't-ibang kaso o sitwasyon dahil nagagawa nitong samantalain ang dalawang batayang katotohanan: na ang mga rehimeng diktador ay umaasa sa malawakang pagsunod ng mga taong kanilang inaapi upang mapanatili nila ang pagkontrol, at hindi lahat ng tao sa gayong rehimen ay tapat.

Paano gumagana ang Panlipunang Pagtutol

Batay sa dalawang katotohanang ito, pinakikilos ng mga sumasalungat ang mamamayan upang sistematikong iatras ang kanilang pagsunod at upang gumamit ng di-marahas na pwersa – sa pamamagitan ng welga, boykot, malawakang demonstrasyon, at iba pang malawakang pagkilos – upang putulin ang mapang-aping Sistema at makamit ang mga karapatan, kalayaan, at katarungan. Kapag ang paglahok sa panlipunang pagtutol ay lumawak at lumago, ang pagpigil laban sa mga sumasalungat ay kadalasang di sapat upang ibalik ang “katahimikan” at sa halip ay mas lalong may masamang bwelta sa nang-aabuso.

Habang patuloy ang pagpigil sa pang-aapi, nagsisimula ang lamat sa loob ng gobyerno at iba pang institusyon (pulisya, militar, media at ang mga grupong pampulitika, burukrasya at pang-ekonomiya) na lubhang mahalaga sa estado. Ang mga lamat na ito ay nagtutuloy sa pagkalas, at habang lumalawak ang pagkalas, ang mga sentrong kapasidad na inaasahan ng mga diktador upang manatili ang kanilang paghahari – pagkontrol sa yamang material at mga yamang-tao, kakayanan at kaalaman ng mga tao, ang kalipunan ng mga impormasyon, at ang kakayanang

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

magpahintulot – ay nawawasak. Dahil wala nang maaasahang “chain of command” upang ipatupad ang kanilang mga utos, ang mga diktador ay nauubusan ng pagpipiliang hakbang at kalaunan ay mapapaalis sa kanilang pwesto sa pamamagitan ng patuloy na pwersang di-marahas. Ang kadalasang resulta nito ay malawakang pagbabago.

Kakayahan kontra Kondisyon

Sa patuloy na pagtaas ng insidente at lakas ng panlipunang pagtutol, mahalagang masuri kung ano ang mga salik na nakapagtatakda ng kaniyang kahihinatnan. Ang mga kondisyon ba noong bago nagsimula ang banggaan ay makapagtatakda kung ang kilusan o ang diktador ang siyang mananalo? O ang tagumpay ng kahit aling panig ay nalalaman ba sa pamamagitan ng mga istrategikong desisyon at kagalingan na kanilang gamit sa pagsusulong ng banggaan?

Ang isang kritikal na bahagi ng misyon ng International Center on Nonviolent Conflict (kung saan kabahagi kami) ay ang pagsusulong ng ideya na ang mga kakayanan ay mas mahalaga kaysa sa mga kondisyon sa pagtatakda ng kahahantungan ng mga kilusan. Ang puntong ito ang karaniwang nag-aanyaya ng malakas na tulak pabalik na nakatutok sa kahandaan ng kaaway na gumamit ng dahas. “Ang di-marahas na paglaban ay mabisa lamang laban sa maamong kaaway” ay madalas na marinig, subalit madaling nalilimutan ang ang pagkatalo ng rehimeng apartheid sa South Africa, Pinochet sa Chile, Marcos sa Pilipinas, o ang komunistang rehimen sa Poland. Ang mga kamakailan lang na halimbawa ay sina Hosni Mubarak sa Ehipto at si Ben Ali sa Tunisia. Wala sa mga rehimeng ito ang maituturing na maamo o hindi handang gumamit ng matinding pang-aapi.

Ang mga qualitative na halimbawang ito ay suportado ng quantitative na pagsusuri. Noong 2008, ang organisasyong Freedom House ay nagpalabas ng isang pananaliksik na nagsuri ng iba’t-ibang istraktural na salik at ang kanilang impluwensiya sa panlipunang pagtutol sa 64 na pagbabagong-kalagayan mula sa mga awtoritaryan na gobyerno mula 1975-2006. Narito ang halaw mula sa mahalaga nitong konklusyon:

... hindi ang politikal o kahit ang pangkalikasang mga salik na sinuri sa pag-aaral na ito ang nagkaroon ng mabigat na statistical impact sa tagumpay o kabiguan ng mga kilusan para sa panlipunang pagtutol – ang mga panlipunang kilusan ay maaring magtagumpay sa mahihirap na bansa at gayundin sa mga mauunlad at mayayamang lipunan. Ang pag-aaral ay hindi

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

rin nakakita ng makabuluhang ebidensiya na ang etniko o relihiyosong pagkakahati ay nagkaroon ng mabigat na epekto sa mga posibilidad ng pag-usbong ng isang nagkakaisang panlipunang oposisyon. Hindi rin naging dahilan ang tipo ng rehimen para magkaroon ng mahalagang impluwensiya sa kakayanan ng mga panlipunang kilusan na makalikom ng malawakang suporta.³

Ang tanging salik na nasuri sa pag-aaral at nagkaroon ng mahalagang impluwensiyang statistical sa pag-usbong at kinahinatnan ng mga kilusan para sa panlipunang pagtutol ay ang pagiging sentralisado ng pamahalaan. Ang mga may-akda ay nagsulat na:

Ang pag-aaral ay nagsasabi na ang matataas na antas ng sentralisasyon ay may positibong korelasyon sa pag-usbong ng isang masiglang panlipunang kilusan na may potensyal upang hamunin ang kapangyarihan ng rehimen. Ang kabaligtaran ay siya ring totoo: Kapag mataas ang antas ng desentralisasyon sa gobyerno, mas maliit ang posibilidad na ang isang matagumpay na kilusan ng panlipunang mobilisasyon ay uusbong.⁴

Kung gayon, habang ang pag-aaral ay nakapagtukoy ng isang kondisyon na nakapag-iimpluwensiya ng direksyong tatahakin ng mga kilusan ng panlipunang pagtutol, ang kanilang pangkalahatang tuklas ay taliwas sa mga pahayag na ang mga kondisyon ang nakapagtatakda ng kahihinatnan ng mga salungatan sa lipunan.

Lumipas ang tatlong taon, sa kanilang premyadong aklat noong 2011, “Why Civil Resistance Works: The Strategic Logic of Nonviolent Conflict,” ang mga iskolar na sina Erika Chenoweth at Maria Stephan ay masusing nagsuri ng 323 marahas at di-marahas na mga kampanya na humamon sa mga nakaluklok na pamahalaan mula 1900 hanggang 2006.⁵ Ang kanilang mahalagang natuklasan ay nagpakita na ang mga di-marahas na kampanya ay nagtagumpay ng 53% kumpara sa 26% na tagumpay ng mga marahas na kampanya.⁶ Kanila ring natuklasan na habang ang paniniil ng estado at ang iba pang istraktural na salik ay kayang maimpluwensiyahan posibilidad ng tagumpay ng isang kampanya para sa panlipunang pagtutol (bagamat kadalasan ay mas kaunti gaya ng karaniwang palagay – sa kaso ng marahas na paniniil ng estado ay ibinaba nito ang porsiyento ng tagumpay sa 35%), wala silang nakita na kondisyong istraktural na nakapagtakda ng kinahinatnan ng mga kilusan.⁷ Pagkatapos ang masusing pagsusuri ng mga datos, ang kanilang konklusyon ay “ang mga ebidensiya ay nagsasabi na ang mga panlipunang pagtutol ay kadalasang matagumpay kahit na mayroong mga kondisyon na ikinukunekta ng marami sa kabiguan ng mga marahas na kampanya.”⁸

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

Ang mga resultang ito ang nagpapakita ng maling saligan kung saan ibinatay ang nakasanayang pag-iisip tungkol sa panlipunang pagtutol. Ang mga kakayahan at istrategikong desisyon ay kadalasang mas matimbang kaysa sa mga kondisyon sa pagtukoy ng kahihinatnan ng mga tunggalian. Ito ay hindi nakapagtataka kapag itinuring natin na ang unang istrategikong desisyon ng katunggali ng paniniil ay kung paano lumaban. Makatwirang asahan na kapag ang mga panlabas na kondisyon ay siyang susi sa pagtukoy ng resulta o kahihinatnan, ang istrategikong pagpipilian kung paano lalaban ang mga tao sa paniniil ay hindi na mahalaga, at ang posibilidad ng pagtatagumpay ng marahas kumpara sa di-marahas na pakikipagtunggali sa paglipas ng panahon ay magiging parehas lamang.

Subalit hindi yaon ang sinasabi sa mga datos. Mula 1900 hanggang 2006, ang mga kilusang people power ay naging dobleng mas matagumpay, at ang mga pag-aaral kamakailan lamang ay nagpapakita na ang tsansa ng tagumpay ay hindi gaanong nagbago.⁹ Maaari itong kontrahin ng iba at sabihin na ang mga kalahok sa panlipunang pagtutol ay pumipili ng mga labanan na madaling ipanalo, subalit nauna nang nakita nina Chenoweth at Stephan ang argumentong iyon at ipinakita na “...ang karamihan ng mga kampanyang di-marahas ay umusbong sa mga rehimeng diktador... kung saan Kahit ang mapayapang oposisyon sa pamahalaan ay maaring magkaroon ng kalunus-lunos na resulta.”¹⁰

Ang premyadong ekonomista ng Nobel Prize na si Thomas Schelling ay tama sa isinulat niyang sanaysay mahigit 50 taon na ang nakalipas sa aklat na “Civilian Resistance as a National Defence: Nonviolent Action against Agression.” Ito ang kanyang konklusyon:

Ang diktador at ang kanyang nasasakupan ay tila nasa magkatapatang posisyon. Maaari nilang ipagkait sa kanya ang halos lahat ng kanyang nais – kaya nila, kung sila ay may disiplinadong organisasyon na tatanggi sa kolaborasyon. At kaya rin niyang ipagkait sa kanila ang lahat ng nais nila – magagawa niya iyon gamit ang pwersa sa kanyang pag-uutos... ito ay isang sitwasyon ng pakikipagtawaran kung saan ang bawat panig, kung disiplinado at organisado, ay kayang ipagkait ang karamihan sa kagustuhan ng kabila, at hindi pa tiyak kung aling panig ang mananalo.¹¹

Ayon kay Schelling ang mga taktikang pinipili ng mga nasa panlipunang pagtutol ay mayroong gastos at benepisyong, gayundin ang mga taktika ng kanilang katunggaling dikadador. Ang mananalo rito ay yaong marunong na gumamit sa mga gastos at benepisyong ito nang mas episyente para sa kanyang panig. Ang mahusay na

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

pinuno ng panlipunang pagtutol ay nagnanais na lumikha ng mga paglansag sa galaw ng kalaban upang makahimok ng mga pagbaligtad, at gumamit ng mga taktika kung saan ang mga maliliit na paglansag ay makabubuo ng malaking pagbaligtad mula sa taga-suporta ng katunggali. Ang magaling na diktador ay nangangailangang maipatupad ang pagsunod, kadalasan sa pamamagitan ng dahas, at nagsisikap na gumamit ng hindi lubos na marahas upang makamit ang ubod na pagsunod. Ang kumulatibong pagsasama ng pagbaligtad laban sa pagsunod ang magtatakda kung sino ang magwawagi.

Ang Gabay-listahan

Kung ang mga galing at istrategikong pagpili ang pinaka-maimpluwensiya sa kahihinatnan ng mga kilusan para sa panlipunang pagtutol, nararapat na kaya nating matukoy ang mga sama-samang angking kakayahan, kahusayan at mga pagpili, sa lahat ng mga kilusang bumubuo ng magkakahalintulad na bukal ng tagumpay. Maraming aspeto ng isang kilusan ang maaaring suriin, subalit kapag sinala na natin ang napakaraming pagpipilian ay mahahanap natin ang tatlong susing kakayahan ng matagumpay na kilusan ng panlipunang pagtutol bilang ang mga:

1. Abilidad na pagkaisahin ang mamamayan
2. Pagpapalano ng operasyon
3. Disiplina ng pagiging di-marahas

Kapag ang mga kakayahan na ito ay naririyang sa isang kilusan ng panlipunang pagtutol, itinataguyod nito ang plataporma para sa tatlong mabisang direksiyon na mayroon ring malakas na epekto para sa tagumpay ng pagkilos. Ang tatlong direksiyon na ito ay:

1. Pagpapalawak ng partisipasyon ng mga sibilyan sa panlipunang pagtutol
2. Pagpapahina sa epekto ng pang-aapi, at pagpapalakas ng balik-pwersa
3. Pagpaparami ng pagbaligtad mula sa kalaban ng kilusan

Kapag pinagsama-sama, tinatawag natin ang tatlong katangian at tatlong direksiyon bilang “Ang Gabay-listahan o Ang Checklist.” Tayo ay naniniwala na kapag nakamit ang mga katangian at direksiyon na ito ay mapapataas nang husto ang posibilidad ng tagumpay. Sa ganang ito, ang gabay-listahan ay hindi isang pormula na gumagarantiya ng resulta, subalit isang balangkas na tumutulong upang maorganisa ng mga tao ang kanilang kaisipan at mapabuti ang kanilang pagiging epektibo.

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

Sa layong ito, ang isang papel na ginagampanan ng Gabay-listahan ay ang tumagos sa diwa ng kalituhan na maaring pumasok sa gitna ng tunggalian. Ang kumplikadong kalagayan ay isa sa mga pinakamalaking pagsubok na kinahaharap ng mga kilusan sa panlipunang pagtutol, at sa gitna ng tunggalian ay mahirap limiin kung aling salik ang pinakamahalaga sa pagbuo ng desisyon. Pinananatili natin na kapag ang isang aktibo sa pagkilos o ang isang tagamasid mula sa labas ay magnanais na suriin ang hinaharap ng isang kilusan, ang pagtatanong kung may presensiya ng tatlong kakayahan at tatlong direksiyon sa gabay-listahan ay magbibigay ng malakas na basehan sa pagsusuri ng kasalukuyang kalagayan ng isang kilusan, ang lakas at kahinaan nito at maging ang posibilidad ng pagtatagumpay.

Palawigin natin ang gabay-listahan sa ibaba:

1. Kakayahang pagkaisahin ang mga tao

Ang mga authoritarian ay mga dalubhasa sa paghati at paglupig at ang mga hahamon sa kanila ay dapat na mas sanay sa paglikha ng pagkakaisa. Ang pagtatayo at pagpapanatili ng pagkakaisa ay may maraming aspeto, ngunit ang pinakapangunahing aspeto ng paggawa nito ay ang pagbuo ng isang ibinabahagi at inklusibong pangarap para sa isang kilusang panlipunang pagtutol. Sa pagkamit nito kinakailangan na ang mga nangunguna sa kilusan na ito ay may malalim na kaalaman sa mga hinaing, adhikain, kultura, at pinapahalagahan ng iba't ibang mga tao na nais nilang mapakilos. Ang kaalamang ito ay bumubuo ng batayan para sa pagpalaganap at paghatid ng isang bisyon na aakit ng malawak na suporta at nagpapakilos sa mga tao. Ang mga mabisang bisyon ay sumasalamin sa personal na karanasan at damdamin ng mga ordinaryong tao at hinihikayat ang kanilang pakikilahok sa kolektibong kilusan ng panlipunang pagtutol.

Ang isa pang kritikal na aspeto ng pagbuo ng pagkakaisa ay ang pagkakaroon ng isang pamumuno at istruktura ng organisasyon na lehitimo. Ang pakikilahok sa mga kilusan ay boluntaryo, bagkus ang mga pinuno ay walang pormal na awtoridad at kontrol sa isang kumikilos na populasyon. Nangangahulugan ito na ang mga pagpapasya sa isang kilusan ay dapat gawin at isinasagawa sa mga paraan na nadarama ang pagiging lehitimo nito ng mga taong nais na mapakilos. Ang bawat kilusan ay bumubuo ng kanilang sariling pamamaraan ng paggawa nito—ang ilan ay higit na sumusunod sa herarkiya, ang ilan ay mas desentralisado, at ang ilang naman ay kombinasyon ng pareho sa paglipas ng panahon. Anuman ang eksaktong paraan ng pamumuno at istruktura ng organisasyon ng isang kilusan, may iba't ibang anyo ng pamumuno ng mga kilusan, at ang pagkakaisa ay kailangan sa pagkakasundo nila. Para sa bawat titularyo o karismatik na pambansang pinuno,

maraming mga lokal na pinuno na kailangang maging lubos na sanay sa pagbuo ng mga koalisyon, pakikipag-ayos, at pagsasama-sama ng mga interes ng iba't ibang mga grupo. Ang kakayahan ng iba't ibang mga pinuno, sa iba't ibang mga antas (lokal o nasyonal), mula sa iba't ibang bahagi ng bansa, na kumakatawan sa iba't ibang mga grupo, na magtutulongan ang siyang nagpapanatili ng pagkakaisa sa pangmatagalang panahon.

Makakakita tayo ng ebidensya ng parehong mga aspeto ng pagkakaisa sa kilusang panlipunang pagtutol na ginamit ng kilusang anti-Apartheid sa South Africa noong 1980s. Daan-daang mga lokal na sibikong grupo ang umusbong sa loob ng dekada na iyon upang magtaguyod ng mga pangangailangan ng mga munisipalidad tulad ng malinis na tubig at pakikinabang sa mga serbisyo, habang sabay na nagkakaisa sa ilalim ng isang magkaparehong pangarap at layunin upang wakasan ang apartheid at makamit ang pambansang pagkakasundo at paghihilom. Ang mga pangkat na sibiko na ito, na nagkaisa bilang United Democratic Front, ay mayroong mga lokal na pinuno na epektibong namuno gamit ang mga desentralisadong taktika (hal. mga consumer boycott) para sa mga lokal na isyu, habang sabay na nakikipag-ugnay at nakikipagtulungan sa mas malaking pag-aayos ng mga istrukturang pang-organisasyon at pamumuno ng kilusang pambansa.

2. Pagpapalano ng pagpapatakbo

Ang pagsusulong ng mabisang kilusang panlipunang pagtutol ay mas kumplikado kaysa sa karaniwang ipinapalagay. Ang imaheng madalas na lumalabas kapag iniisip ng mga tao ang panlipunang pagtutol ay ang pagprotesta, at gayon pa man iyon ay isa lamang sa literal na daan-daang mga taktika na magagamit. Ang pinaka-epektibong mga kilusan ay nauunawaan kung aling taktika ang pipiliin, kung kailan, kung saan, kung paano, kung sino ang dapat magsakatuparan nito, kung ano ang dapat nitong asintahin, at kung anong pang mga ibang mga taktika ang dapat pagsunud-sunurin.

Ang pagsagot sa mga katanungang ito ay nangangailangan ng pagpapalano batay sa isang detalyadong pagsusuri ng isang kilusan at ng kalakasan, kahinaan, oportunidad at banta ng kalaban, gayundin ang pagsusuri sa kalikasan ng tunggalian at ng mga partidong neutral o walang kinakampihan (kabilang na ang mga miyembro ng internasyunal na komunidad) na maaaring maka-ipluwensiya sa tunggalian. Mula sa impormasyon na ito, ang mga kilusan ay maaring mag-develop ng epektibong mga layunin na panandalian, pang-midterm, at pangmatagalan, at ang mga kaangkop na planong pang-operasyon. Habang ang mga planong iyon ay iinog sa panahon batay sa pagtugon nito sa mga aktuwal na kaganapan (gaya ng

lahat ng ibang plano), ang proseso at kaisipan sa pagpapalano ay mas kritikal upang ang mga kalahok sa kilusan ay mahubog higit pa sa kahit anong plano.

Kaugnay nito, sa pagpapalano ng operasyon natin nakakita ang pinakamalinaw na salubungan ng kahusayan at mga kondisyon sa isang tunggalian. Ang batayan ng pagpapalano ng operasyon ay isang pagsusuri sa mga kondisyon – pabor at di-pabor – na kinakaharap ng isang kilusan. Ang kilusan gagalaw upang samantalahin ang mga paborableng kondisyon at daigin, ibahin o iwasan ang mga negatibong kondisyon sa pamamagitan ng kahusayan at istratihikong pagpili.

Ang isang malinaw na halimbawa ng pagpapalano ng operasyonal ay makikita sa kilusang Solidary sa Poland noong 1980s. Nauunawaan ang kanilang lakas at kakayahan, ang mga manggagawa ay nagpahayag ng isang malakas at makatotohanang pulitikal na kahilingan para sa mga malalayang unyon sa paggawa (subalit pinigilan ang kanilang sarili sa pagtawag sa noon ay di-makakamit na layuning wakasan ang Komunistang pamumuno); tinipon ang kanilang lakas sa pag-oorganisa ng manggagawa at pagkakaisa ng iba't-ibang uri ng manggagawa laban sa pang-ekonomiyang kahinaan ng kanilang kalaban at kanilang kawalan ng pagiging lehitimo; at pagpili ng epektibong taktika ng pagwewelga sa pamamagitan ng pag-ooccupy ng kanilang lugar paggawa (imbis na magmartsa palabas ng kanilang trabaho, na ginawa silang mas madaling mabiktima ng paniniil noong ito ay kanilang sinubukan sa mga nakalipas na taon). Ito ay pinalaki ng pag-asa ng mga manggagawa sa mga alternatibong institusyon - lalo na sa mga imprenta at mga independyenteng pahayagan — na binuo noong nakaraang dekada upang mapadali ang komunikasyon sa pagitan ng mga lungsod. Sa pamamagitan ng pagpili ng isang istratihikong layunin, isang naaangkop na target, at naaangkop na mga taktika (isang welga ng mga namamasukan at paggamit ng mga alternatibong institusyon) na nasa loob ng kanilang kakayahan, ang kilusang Solidarity ay epektibong nagabayan ang larangan ng salungatan, napagtagumpayan ang mga masamang kalagayan, at gumawa ng pag-unlad patungo sa kanilang sukdulang layunin ng isang demokratikong estado ng Poland, na nakamit noong 1989.¹²

3. Di-Marahas na disiplina

Ang pagpapanatili ng di-marahas na disiplina — na siyang kakayahan ng mga tumututol na manatiling di marahas sa kabila ng paghihimok — ay sentro sa pagganap at pag-inog ng panlipunang pagtutol. Sa pamamagitan ng di-marahas na disiplina, pinalalawak ng kilusan ang pakikilahok ng sibilyan, pinatataas ang halagang kailangan upang ipagpatuloy ng kalaban ang paniniil, pinapataas ang posibilidad na ang paniniil ay magbalik ng negatibong epekto sa kalaban, at malamang na maghikayat ng pagbaligtad ng suporta mula sa mga pangunahing

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

haligi ng suporta sa kalaban. Tulad ng ipinakita ng pananaliksik ni Chenoweth at Stephan, ang mga benepisyong ito ay makabuluhang nag-aambag sa pagkakaiba sa mga antas ng tagumpay sa pagitan ng karahasan at kampanya para sa panlipunang pagtutol.¹³

Ang pagkamit ng di-marahas na disiplina ay nangangailangan na ang mga kilusan ay may tiwala na ang panlipunang pagtutol ay isang epektibong paraan upang mausig ang kanilang salungatan. Ang impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang di-marahas na pagtutol at ang makasaysayang tala nito ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa bagay na ito, tulad ng maaaring isang epektibong istrategiya na bumubuo ng mga maliliit na tagumpay sa paglipas ng panahon at ipinapakita na gumagana ang panlipunang pagtutol. Ang mga pagkilos ay nagpapanatili din ng di-marahas na disiplina sa pamamagitan ng pagbuo ng isang kultura at pamantayan na nagpapatupad nito. Halimbawa, ang kilusang Otpor sa Serbia na nagpatalsik kay Slobodan Milosevic ay sistematikong sinanay ang mga bagong miyembro upang maunawaan kung paano gumagana ang di-marahas na pagtutol at kung bakit mahalaga na manatili itong di-marahas.

Ang mga pagsisikap na ito ay hindi nangangailangan na ang isang kilusan ay gumawa ng etikal na argumento tungkol sa pananatiling di-marahas, subalit dapat palakasin ng mga tao sa bawat isa ang praktikal na pakinabang ng disiplinang di-marahas, habang inaalala ang mga pagkakataon (ang Syria bilang isang nakahihindik na halimbawa) kung saan ang pagkainip o kawalan ng kumpiyansa sa panlipunang pagtutol ay nagbunga ng paglipat sa mga marahas na taktika, na mayroong mapinsalang resulta.

4. Pagpapalawak ng sibilyang partisipasyon sa panlipunang pagtutol.

Ang mataas na antas ng partisipasyon ng mga sibilyan sa panlipunang pagtutol ay isang pinakamalaking magtatakda ng tagumpay ng isang kilusan.¹⁴ Ito ay may saysay dahil habang dumarami ang mga taong nag-aatras ng pagpayag at pagsunod sa isang diktador, ay lalong nagpapahina sa kanya, at mas malaki ang nagiging halagang ginagasta para panatiliin ang pagkontrol. Higit pa rito, naniniwala tayo na ang pagtaas ng partisipasyon ng mga sibilyan ay nagpapataas din ng tsansa na ang paniniil ay mag-backfire at ang mga ebidensiya at datos ay nagpapakita na ang mataas na partisipasyon ng mga sibilyan ay nagpapataas ng posibilidad na ang mga taga-suporta ng kalaban ay babaligtad.¹⁵

Sa paglalarawan ng kahalagahan ng partisipasyon ng mga sibilyan, ang rebolusyon noong 2011 sa Egypt at Tunisia ay nagpatibay ng malawak na suporta galing sa mga grupong mula sa iba't-ibang demograpiko – kalalakihan at kababaihan; relihiyoso at

secular na grupo; kabataan, middle age at matatandang tao; manggagawa mula sa mababa at gitnang antas, at mamamayan mula sa urban at rural na komunidad. Sa kaibahan, kapwa ang kilusang mag-aaral ng 1989 sa Tsina at ang 2009 Green Movement ay nagpakilos ng milyun-milyon at naging laman pa ng mga pahayagan, ngunit hindi nito nakamit ang kanilang layunin dahil hindi rin ito lumago upang maisama ang malawak na pakikilahok ng mamamayan sa labas ng kanilang paunang demograpikong base.

Ang pagkamit ng mataas na antas ng pakikilahok sa panlipunang pagtutol ay isang bunga ng unang tatlong sangkap sa gabay-listahan. Ang isang nakapag-bubuklod na pangarap ay nakatutulong upang mabuo ang pagkakaisa at mapatibay ang mobilisasyon. Ang pagpapalano ng operasyon ay nagtatanim ng kumpiyansa at nagbibigay ng maraming mga taktika upang mapaunlakan ang iba't ibang kakayahan ng mga tao sa pagharap sa panganib, maiaalay na oras, at kapasidad para magsakripisyo para sa kilusan. Ang isang epektibong istratehiya ay nagbibigay ng mga pagpipilian para sa mahihirap, mayaman, kabataan, matanda, at iba pa, upang gumawa ng isang bagay, maliit o malaki, upang suportahan ang kilusan. Tinitiyak ng hindi marahas na disiplina na ang lahat ay maaaring lumahok (kumpara sa mga malalakas na tao lamang sa armadong pagtutol) at ang di-marahas na pamamaraan ay mas malamang na maging tanggap sa isang malawak na seksyon ng lipunan.

5. Humihinang epekto ng paniniil, at lumalakas na backfire

Isa sa mga pinakamalakas na sandata ng diktador ay ang kakayahang magsagawa ng paniniil, at ang mga epektibong kilusan ay natututo kung papaano mababawasan ang epekto ng paniniil habang pinatataas ang halagang ginagasta para dito. Ang isang paraan ay sa pamamagitan ng wastong pagtantiya ng panganib at pagpili ng tamang taktika sapagkat hindi lahat ng taktika ay pantay ang maidudulot na panganib sa pagkakaroon ng paniniil. Habang ang mga sentralisadong pagkilos katulad ng mga demonstrasyon ay malamang na makaharap ng paniniil, ang mga desentralisadong taktika katulad ng boykot ng mga konsumer, welgang stay-at home, pagsasakit-sakitan, o ang pagdidisplay ng mga maliliit na simbolo sa pampublikong lugar ay mas malaking hamon para mapigil ng isang rehimen. Ito ay dahil sa ang mga kalahok sa ibang taktika (tulad ng boykot ng mga konsumer) ay hindi hayagan (hindi mo masasabi kapag titingnan mo ang isang tao kung siya ay nag-boboykot o hindi ng isang produkto) o dahil ang mga nagsasagawa nito ay nakakalat at may kakayahang itanggi ang ginagawa (sa isang nagwewelgang stay-at-home, kailangang puntahan ng pulis ang bawat manggagawa sa bahay, at ang mga nagsasakit-sakitan ay maaaring magsabi na sila ay talagang maysakit sa araw na iyon.)

Noong 1983 sa Chile, ang mga kalaban sa politika na sumasalungat sa diktadura ni Augusto Pinochet ay kailangang makahanap ng isang paraan upang mapigilan ang kanyang paniniil. Ang isang dekada ng mga pag-aresto, pagpatay, pagpapahirap, at paglalaho ay nangangahulugang natakot ang mga tao upang mag-organisa o kumilos ng sama-sama. Noong Abril, ang mga minero ng tanso ay tumawag para sa isang welga sa labas ng Santiago, ngunit nagbanta si Pinochet ng pagdanak ng dugo sa pamamagitan ng pagpapadala ng kanyang militar upang palibutan ang mga minahan bago magsimula ang welga. Sa harap ng gayong panunupil, hindi itinuloy ng mga lider ng manggagawa ang welga bagkus ay nagsagawa sila ng pambansang araw ng protesta, kung saan ang sinumang nagpoprotesta sa rehimen ay magtatrabaho nang dahan-dahan, maglalakad nang marahan, magmaneho nang marahan, at pagsapit ng 8:00 ng gabi ay mag-iingay gamit ang mga kaldero at kawali.¹⁶ Nagkaroon sa unang pagkakataon ng malawak na pakikilahok ang mga tao sa mga pagkilos na ito, at humantong ito sa buwanang panawagan para sa mga protesta. Ito ang unang pangunahing hakbang sa pagbasag sa layer ng takot at atomization na naging pundasyon ng pamamahala ni Pinochet. Ang mga pagkilos ay may katanggap-tanggap na antas ng peligro para sa mga kalahok at hindi rin mapigilan - ang mga puwersa ni Pinochet ay walang sagot para sa malawak at desentralisadong taktika.

Ang iba pang mga aspeto ng pagbabawas ng epekto ng panunupil, o pagdaragdag ng mga gastos at posibilidad ng backfire, ay nagsasangkot ng pagtalakay ng ilang mga hinaing gamit ang mga hindi politikal na termino (mga demonstrador na nanawagan ng malinis na tubig at ligtas na mga kapitbahayan, kumpara sa pagbagsak ng isang rehimen), pagbubuo ng malinaw na mga linya ng pagkakasunud-sunod na pagpili sa mga mamumuno, at paglalagay ng tulay upang paiksiin ang panlipunang distansya sa pagitan ng mga kalahok sa isang kilusan at mga grupong domestiko at pang-internasyunal, para ang pagsupil laban sa kilusan ay mas malamang na mag-backfire. Halimbawa, nang ang blogger na taga-Egypt na si Khaled Said ay dinukot mula sa isang internet café noong 2010 at pinagpapalo hanggang sa mamatay ng mga pwersang panseguridad dahil sa kanyang paglalantad ng katiwalian, ang rebeldeng grupo sa Facebook na "We are All Khaled Said" ay sumalungat sa pagtatangka ng gobyerno ng Egypt na subukang i-baba ang halaga ng buhay ni Said. Sa pamamagitan ng kanilang presensya, nilinaw nila na si Said ay maraming katangian na katulad ng mga karaniwang Egyptians, at ito ay naging dahilan upang ang pagsupil ay mag-backfire.

6. Patuloy na pagtaas ng pagbaligtad mula sa kalaban ng kilusan

Habang tumatagal ang panlipunang pagtutol sa paglipas ng panahon, madalas na nagbubunga ito ng mga paglilipat ng katapatan at mga pagbaligtad sa hanay ng mga

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

aktibo at pasibong tagasuporta ng isang kalaban. Halimbawa, ang mga taga-reporma at hardliner sa pamahalaan ay maaaring magsimulang makipaglaban nang hayagan laban sa bawat isa upang magkaroon ng kontrol. Ang mga interes sa ekonomiya ay maaaring mapilit ang estado upang mapaunlakan ang mga kahilingan ng isang kilusan upang bumalik ang pagnenegosyo. Ang mga functionary ng rehimen tulad ng mga sundalo, pulisya, burukrata, at iba pa ay maaari ring magsimulang magbago ng mga katapatan, marahil dahil nahikayat sila sa mga kahilingan ng kilusan, naiinis sa rehimen, o dahil mayroon silang mga miyembro ng pamilya at kaibigan na nakikilahok sa panlipunang pagtutol . Kahit na ang mga elite na nakiki-simpatiya sa rehimen ay maaaring magsimulang mag-alinlangan sa pagpapanatili nito at maging neutral upang hindi manganib na mauwi sa maling panig ng kasaysayan kung magtagumpay ang panlipunang pagtutol.

Sa Orange Revolution ng Ukraine noong 2004, sinadya ng mga nagrerebelde na magkaroon ng linya ng komunikasyon sa mga puwersang panseguridad, umaasa sa mga retiradong opisyal ng militar bilang mga tagapamagitan.¹⁷ Sa paglipas ng panahon, pinatunayan ng oposisyon sa kanilang mga aksyon na sila di-marahas at makatuwiran; nanawagan sa mga puwersang panseguridad na maglingkod at protektahan ang kabutihan ng publiko; tinulayan ang distansya sa lipunan sa pamamagitan ng fraternization, slogans, at mga pagkilos (tulad ng pagbibigay ng rosas sa riot police); ibinunyag ang katiwalian ng kasalukuyang rehimen; at sa huli ay pinalilipat ang katapatan ng mga puwersang pangseguridad. Nang dumating ang oras upang makisali sa panunupil, maraming mga sundalo at pulisya ng Ukraine ang naging neutral. Ganito rin ang nangyari sa Serbia sa ilalim ni Milosevic. Nang walang hayag na pag-baligtad, ang mga puwersa ng seguridad ay masigasig na tumigil sa pagsasagawa ng mga utos ng rehimen. Sa ruok ng Otpor Oktubre 5 , ang opisyal ng pulisya na responsable sa pagbagsak ng mga kemikal na dispersant mula sa isang helicopter papunta sa mga tao ng Belgrade ay tumanggi na gawin ito, nagdadahilan na hindi siya makakakuha ng isang malinaw na vista ng mga tao dahil hindi maganda ang panahon, kahit na noon ay umaaraw. . Nang maglaon ay nagkomento siya na naramdaman niyang hindi siya maaaring isagawa ang mga order dahil ang mga miyembro ng kanyang pamilya ay maaaring kabilang sa mga demonstrador noong araw na iyon.¹⁸

Kung itinutulak man ng panghihikayat o pansariling interes, ang mga pagbaligtad na tulad nito ay madalas na bunga ng mga pangmatagalang proseso na napabilis ng isang kilusan ng panlipunang pagtutol. Tulad ng takbo ng naunang dalawang gabay-listahan o checklist, ang trend na ito ay lumitaw mula sa pagkakaroon ng pagkakaisa, pagpapalano at di-marahas na disiplina ng isang kilusan. Ipinakikita ng mga datos na ang mataas na antas ng magkakaibang pakikilahok ay nagkakaugnay

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

sa isang mas mataas na posibilidad ng pagbaligtad, at pagkakaisa, pagpaplano, at hindi marahas na disiplina, at lahat nang ito ay nag-aambag sa malawak at magkakaibang pakikilahok. Sa partikular, ang di-marahas na disiplina ay mahalaga para sa pag-impluwensya sa mga pagbaligtad. Hangga't ang isang kilusan ay nananatiling di-marahas at umiiwas na maging isang marahas na pag-aalsa (tulad ng naging trahedya na kaso sa Syria noong 2011) kung gayon ang kilusan ay mabubuhay upang patuloy na lumaban at patuloy na buksan ang posibilidad ng mga pagbaligtad. Kung ang mga target para sa paglipat ng katapatan sa loob ng isang rehimen ay hindi nanganganib mula sa isang marahas na pag-aalsa, ang kanilang potensyal para sa pagtangi ay nananatiling pagbabanta sa pagkakaisa ng istruktura ng kapangyarihan ng isang rehimeng diktador.

Implikasyon para sa mga Grupong Panlabas

Ang gabay-listahan na ito ay hindi lamang makatutulong sa mga nagrerebelde. Ito ay maaring gamitin ng ibang nasasakupan upang mapabuti ang kanilang pagtugon sa mga may kinalaman sa mga ganitong salungatan.

Halimbawa, ang gabay-listahan ay makatutulong sa mga mamamahayag sa pag-uulat ng higit pang nararamdaman patungkol sa panlipunang pagtutol. Kung ang mga mamamahayag ay nagnanais magkaroon ng matalas na pananaw sa salungatan, ang gabay-listahan ay nagpapahiwatig na ang paglalagay ng isang reporter o mamamahayag sa harap ng nasusunog na target ng isang Molotov cocktail o bomba sa Kiev noong unang bahagi ng 2014 upang maaari niyang isipin kung ang karahasan ay maaaring lumala ay hindi nagpapaliwanag ng mga puwersa sa salungatan. Ngunit ang pagsisiyasat sa estado ng pagkakaisa at pagpaplano ng isang kilusan, mga pinagmulan ng pagkasira ng disiplinang di-marahas, pagdaragdag ng pakikilahok ng sibilyan, ang pagbawas ng epekto ng panunupil sa isang kilusan, at kung ganap na sumusunod sa mga utos o hindi ang mga pwersang panseguridad, kudi man bumabaligtad, ay makapagbibigay ng isang napakatalas na pagsusuri. Idagdag pa dito ang pag-unawa ng kawalan ng suporta sa komunidad ng negosyo at malinaw na ang dahilan kung bakit tumakas ang pangulo ng Ukraine na si Yanukovych noong Pebrero 21 sa taong ito, mga oras pagkatapos ng pinakamasamang rehimen-na naganap ang karahasan. Ang ganitong mga pangyayari ay higit mauunawaan kung ang isa ay tumitingin sa tamang mga impormasyon sa simula pa lamang.

Kung isinasaalang-alang ng mga gumagawa ng polisiya sa huling kalahati ng 2011, ang gabay-listahan ay maaaring nakapagpahiwatig ng higit na mga pagkakataon

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

para maipanalò ang panlipunang pagtutol laban sa rehimeng Assad sa Syria. Ang patuloy na pagbaligtad ng katapatan (hindi lamang sa mga sundalong Sunni) sa militar na malayo sa rehimen ay maaaring sanang tiningnan bilang pinakamahusay na pag-asa para sa tagumpay. Ang pag-alis ng suporta ng mga miyembro ng pamayanan ng negosyo ay isa pang tagapagpahiwatig. Kaugnay nito, ang paghihikayat ng Free Syrian Army noong unang bahagi ng 2012 upang labanan ang natitirang Alawite militar ni Assad ay dapat na nakita bilang kontra-produktibo kundi man inilarawan ang isang trahedyà.

Ang gabay-listahan ay maaaring maging kapaki-pakinabang lalo na sa pagbuo ng mga pamantayan na namamahala sa panlabas na tulong para sa mga katutubong kilusan ng people power. Halimbawa, ang unang tatlong kakayahan sa gabay-listahan /checklist ay batay sa kasanayan at maaaring madagdagan sa pamamagitan ng masiglang pagpa-palitan ng impormasyon. Sa ilalim ng Artikulo 19 ng Universal na Deklarasyon ng Mga Karapatang Pantao, ang mga diktador ay hindi maaaring paghigpitan ang daloy ng impormasyon sa kanilang mga hangganan o parusahan ang mga mamamayan na muling nagpapasa ng impormasyong iyon sa mga nagrerebelde

Ang lahat ng anim na mga item sa checklist ay maaari ring pukawin ang pag-iisip tungkol sa mga landas para sa makabagong teknolohiya na maaaring mapadali ang paglilinang ng tatlong kakayahan at tatlong mga direksiyon.

Ang Gabay-listahan at ang mga Tunggalian na Huhubog sa Ating Bukas

Ang kapaligiran kung saan ang mga di-marahas na tunggalian ay inilalaban ay kumplikado, at ang mga tumututol – sila na nangangailangan ng koordinasyon mula sa mga pamayanan upang buuin ang hanay ng mga taktika tungo sa isang istratèhiya ng tagumpay- ay kadalasang nakararanas ng dis-oryentasyon. Ang natural nilang takot na makagawa ng maling desisyon kung saan nakasalalay ang buhay at kalayaan ng mga tao ay maaaring paigtingin ang passivity na hinahanap ng isang diktador, at maaari ring palakasin ang ilusyon ng di-tinatablang diktador.

Makatutulong ang gabay-listahan sa mga nagrerebelde na makatagos sa dinadaanang dis-oryentasyon at makatahak ng isang landas sa pagsulong. Ang ilan ay maaaring hindi magkasundo sa napakaraming mga variable na nangyayari, at ang isang gabay listahan para sa pagtatapos ng paniniil ay masyadong simple, at ang pagsusuri sa paggawa ng kritikal na desisyon sa hinaharap sa panahon ng mga

salungatan ay mangangailangan ng mahalagang pansin sa mga kadahilanan na kakaiba sa oras at lugar na iyon.

Gayunpaman, ang listahan ay hindi tumatawag para sa hindi pagpansin ng mga tiyak na salik sa isang sitwasyon, ngunit sa halip ay para sa pag-unawa sa mga salik na iyon sa konteksto ng isang mas malawak na istrategikong balangkas na nagpapakita kung paano at kung bakit maaaring manalo ang mga kilusan sa panlipunang pagtutol. Si Atul Gawande, na nagsaliksik ng kahalagahan ng mga gabay-listahan sa iba't ibang mga konteksto, ay nagsusulat na:

Ang mga gabay-listahan ay maaaring maipagtanggol ang sinuman, kahit na ang isang marami nang karanasan, laban sa kabiguan sa maraming mga gawain kaysa sa napagtanto natin. Nagbibigay ang mga ito ng isang uri ng cognitive net. Natukoy nila ang mga kakulangan sa kaisipan na likas sa ating lahat - mga depekto ng memorya at atensyon at pagiging masinsin ...¹⁹

Sa ilalim ng mga kondisyon na mahirap unawain — kung saan kinakailangan ang kaalaman na lumampas sa sinumang indibidwal.. [ang mga epektibong gabay-listahan] ay nagtitiyak na ang mga hangal ngunit kritikal na bagay ay mabibigyang-pansin, at matitiyak na ang mga tao ay makikipag-usap at makikipag-ugnayan ... upang pamahalaan ang mga nuances at mga unpredictability sa pinakamagaling na kanilang alam.²⁰

Maaring ang gabay-listahan ay hindi pa makapagsabi kung sino ang mangingibabaw: ang diktador ba o ang tumututol? Subalit, ang gabay-listahan ay maaring magsilbi bilang kritikal at tuloy-tuloy na pangkat ng mga indicators upang maunawaan kung paano ang mamamayan ay magbabantay at hihingi ng kalayaan upang mapatagumpayan niya ang malalim na pagkakalubog sa mapangdiktang sistema.

Mga Panghuling Tala

¹ Batay sa pananaliksik nina Erica Chenoweth at Maria Stephan kumilala sa 105 mga kampanya ng paglaban na naghahanap ng pagbabago ng pamahalaan sa mga bansa at teritoryo sa buong mundo sa pagitan ng 1900--2006.

Chenoweth, Erica, at Maria Stephan. 2011. *Why Civil Resistance Works: The Strategic Logic of Nonviolent Conflict*. New York: Columbia University Press. p. 6

Magagamit ang datos ng NAVCO 1.1 sa:

http://www.du.edu/korbel/sie/research/chenow_navco_data.html

² Batay sa 67 na transition sa demokrasya na nasuri sa pagitan ng 1972--2005 sa pananaliksik, pinag-aralan kung paano ang "Kalayaan" *How freedom is Won: From Civic Resistance to Durable Democracy.*" Nalaman ng mga may-akda na:

"Ang puwersa ng panlipunang pagtutol ay isang pangunahing dahilan sa paggiya ng 50 ng 67 na transisyon, o higit sa 70 porsyento ng mga bansa kung saan nagsimula ang mga transisyon bilang mga sistemang diktatoryal at / o ang mga bagong estado ay umangat mula sa pagkabagsak ng mga estado ng multinasyunal. Sa 50 na mga bansa kung saan ang panlipunang pagtutol ay isang pangunahing istrategiya (ibig sabihin, alinman sa mga bansa kung saan mayroong mga pagbabago na hinimok ng mga panlipunang puwersa o mga bansa kung saan may mga halo-halong transisyonna kinasasangkutan ng makabuluhang pag-input mula sa parehong mga panlipunang puwersa at mga may kapangyarihan), wala sa mga bansa ang Malaya, 25 ay medyo malaya, at 25 ay hindi malayang mga bansa. Ngayon [noong 2005], mga taon pagkatapos ng transisyon 32 ng mga bansang ito ay malaya, 14 ang medyo malaya, at 4 lamang ang hindi malaya. "

Ackerman, Peter, and Adrian Karatnycky. 2005. *How Freedom is Won: From Civic Resistance to Durable Democracy*. Washington, DC: Freedom House. Pp. 6--7

³ Marchant, Eleanor, Adrian Karatnycky, Arch Puddington, and Christopher Walter. 2008. *Enabling Environments for Civic Movements and the Dynamics of Democratic Transition*. Freedom House special report. July 18. p. 1

⁴ Ibid. p. 1

⁵ Chenoweth, Erica, and Maria Stephan. 2011. *Why Civil Resistance Works: The Strategic Logic of Nonviolent Conflict*. New York: Columbia University Press. p. 6

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), *Is Authoritarianism Staging a Comeback?*, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.

⁶ Ibid. p. 9

⁷ Ibid. p. 68

⁸ Ibid. p. 62

⁹ Chenoweth, Erica. 2014 Trends in Civil Resistance and Authoritarian Responses. The Atlantic Council Future of Authoritarianism Project. April 15.

¹⁰ Chenoweth, Erica, and Maria Stephan. 2011. *Why Civil Resistance Works: The Strategic Logic of Nonviolent Conflict*. New York: Columbia University Press. p. 66

¹¹ Thomas C. Schelling. 1968. "Some Questions on Civilian Defence," in Adam Roberts, ed., *Civilian Resistance as a National Defence: Non---violent Action Against Aggression*. Harrisburg, PA: Stackpole Books. p. 304.

¹² Ackerman, Peter and Jack DuVall. 2000. *A Force More Powerful: A Century of Nonviolent Conflict*. London: St. Martin's Press/Palgrave Macmillan. pp. 113---174

¹³ Chenoweth, Erica, and Maria Stephan. 2011. *Why Civil Resistance Works: The Strategic Logic of Nonviolent Conflict*. New York: Columbia University Press. Pp. 30---61

¹⁴ *Ibid.* pp. 30---61

¹⁵ *Ibid.* pp. 46---49

¹⁶ *A Force More Powerful*. Dir. Steve York. York Zimmerman. 2000. Film.

¹⁷ Binnendijk, Anika Locke, and Ivan Marovic. 2006. Power and Persuasion: Nonviolent Strategies to Influence State Security Forces in Serbia (2000) and Ukraine (2004). *Communist and Post---Communist Studies* 39, no. 3 (September). pp. 411---429.

¹⁸ Interview with Nebojsa Covic, *Vecernje Novosti*, Oct. 2, 2010.

¹⁹ Gawande, Atul. 2009. *The Checklist Manifesto: How to Get Things Right*. New York: Picador. p. 47

²⁰ *Ibid.* p. 79

This chapter appears in: Mathew Burrows and Maria J. Stephan (eds.), Is Authoritarianism Staging a Comeback?, Washington, DC: The Atlantic Council, 2015.